



Abril 2017

Mahal na mga Magulang o Tagapag-alaga ng mga English Learners:

Ang mga batas ng estado at pambansang pamahalaan ay nag-uutos na ang lahat ng distritong paaralan ng California na magbigay ng isang estadong pagsusulit sa karunungan ng wikang English bawa't taon sa bawa't mag-aaral na napagkilalang isang English learner. Sa California, ang tawag sa pagsusulit na ito ay California English Language Development Test (CELDT). Ang kinalabasan ng CELDT ay tutulong sa pagsukat kung paanong ang bawa't mag-aaral ay bumubuti sa karunungan ng wikang English sa pakikinig, pagsalita, pagbasa, at pagsulat. Ang CELDT ay isa ring kinakailangan na ginagamit sa paghihiwalay ng mga pag-uuri (reclassification).

Simula sa paaralang taong 2017-2018, ang estadong California ay maglalabas ng isang bagong pagsusulit sa karunungan ng English na tinatawag na English Language Proficiency Assessments for California (ELPAC), na papalit sa CELDT. Ang kalalabasan sa ELPAC ay magpapatuloy na susukat sa pagsulong ng mag-aaral sa karunungan sa pakikinig, pagsalita, pagbasa at pagsulat, at gagamitin din sa kinakailangan paghihiwalay sa pag-uuri. Sa puntong ito, ang estadong California ay hindi pa naglalabas ng bagong Reclassification Criteria.

Sa mga nakaraang taon, ang CELDT ay ibinigay sa panahon ng pagsusulit sa pagitan ng Hulyo at Oktubre. Ito ay mababago sa ELPAC; ang bagong panahon ngayon ng pagbigay ay sa pagitan ng Pebrero at Marso ng 2018. Ang mga guro, mga kawani ng paaralan at ibang pinuno ng distrito ay magkakaroon ng pagsasanay kung papaano ang pagbigay ng pagsusulit sa Enero at Pebrero, 2018.

Kung kayo ay mayroong mga katanungan tungkol sa ELPAC, hinihikayat namin kayong tawagan ang inyong paaralan o makipag-ugnayan sa Office of Language Acquisition sa ola@sandi.net. Sa karagdagan, kayo ay maaaring magkusang tumulong sa tanggapan ng English Learner Advisory Committee (ELAC) ng inyong paaralan upang patuloy na makatanggap ng pinakahuling kaalaman tungkol sa ELPAC. Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa nakaraang mga puntos sa CELDT, sa pagkahiwalay ng kinalalagyan o sa lugar ng pagtuturo ng inyong anak, pakitawagan ang paaralan ng inyong anak sa mga oras ng pasok.

Taos-puso,

Sandra S. Cephas
Director
Office of Language Acquisition
619-725-7266
ola@sandi.net